

GID SOU LOJMAN POU AMERIKEN AJE YO

Desizyon sou lojman lè ou pèdi mari/madanm ou oswa konpay ou

Desizyon sou lojman lè mari/madanm ou oswa konpay ou mouri

Lè ou pèdi mari/madanm ou oswa konpay ou sa ka gen konsekans sou tout aspè nan lavi ou, sa gen ladan desizyon ou sou lojman. Li enpòtan pou w pran tan fè dèy pou lanmò a epi pou w fè chita pale sou sitiyasyon w lan avèk fanmi oswa zanmi ou fè konfyans anvan pou w pran kèlkeswa gwo desizyon an. Men lè ou pare, gid sa a ka ede ou reflechi sou opsyon ou genyen yo epi detèmine si rete nan kay kote ou ye kounye a gen sans pou ou emosyonèlman, fizikman, ak finansyèman.

Nagbibigay ang gabay na ito ng pangkalahatang impormasyon para sa mamimili. Hindi ito legal na payo o gabay na panregulatoryo. Para sa impormasyon tungkol sa kung paano makakuha ng legal na tulong, mangyaring tingnan ang “Saan pupunta para sa tulong” na seksyon ng gabay na ito. Kasama rin sa gabay na ito ang mga link o sanggunian sa mga ikatlong panig na mapagkukunan o nilalaman. Hindi ineendorso ng Kawanihan ang ikatlong panig o ginagarantiya ang pagkawasto ng impormasyong ito ng ikatlong panig. Maaaring may iba pang mga mapagkukunan na magsisilbi rin sa inyong mga pangangailangan.

Tama bang desisyon para sa sarili ko at aking mga damdamin ang manatili sa kasalukuyang tahanan ko?

Ang pagsusuri kung ang kasalukuyang tahanan ninyo ay makabubuti sa iyong damdamin ay isang mahalagang desisyon pagkatapos ng pagpanaw ng inyong asawa. Pag-isipan ang mga tanong sa ibabang mag-isa o kasama ang pinagkakatiwalaang miyembro ng pamilya o kaibigan.


💡 Bay tèt ou tan pou adapte a nouvo vi w lan san mari/madanm ou. Santiman ou pa rapò a lakay ou gen dwa chanje pandan ou an dèy. Pran tan ou, si ou kapab.

Mga itatanong sa inyong sarili:

- Ang pananatili ba sa aking tahanan ay maghahatid ng masasayang alaala ng aking asawa, o posible ba itong magresulta sa higit pang nararamdamang pagkawala? Kung posible, bigyan ng panahon ang inyong sarili para malaman ito, dahil maaaring matagpuan ninyong nagbabago ang damdamin niyo sa pagdaan ng panahon.
- Mahalaga bang malapit sa inyo ang pamilya o mga kaibigan ninyo?
- Kung gayon, sa paglipat ba ay mas magiging madali o mahirap na makita ang inyong pamilya o mga kaibigan?
- Posible bang maiwan akong mag-isa kung ako ay lilipat? Paano kung magpasya akong manatili?
- Paano kung magbago ang aking nararamdaman sa aking tahanan habang ako ay tumatanda (halimbawa, sa loob ng sampu, 15, at 20 taon)?

Kung gusto ninyong umalis sa inyong tahanan, isaalang-alang ang paglipat sa isang:

- Lugar na nagpapahintulot ng “bagong simula,” tulad ng bagong bahay, condominium, o apartment.
- Lokasyon na naghahandog ng mga suportang panlipunan, tulad ng kasama o mas malapit sa inyong mga anak, apo, miyembro ng pamilya, o kaibigan, mas maraming magagawa. may komunidad ng pananampalataya, o paglipat sa isang komunidad ng mga nakaretiro
- Mas ligtas na tahanan o apartment, na may mas kaunting hagdan at mas higit pang mga pasilidad na pangkaligtasan
- Pamilyar na lugar, tulad ng lugar kung saan kayo lumaki, o kung saan kayo nanirahan sa mahalagang panahon ng inyong buhay.
- Komunidad na pang-senior, Continuing Care Residential Community (CCRC) o assisted living facility.

 Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga opsyon, basahin ang aming gabay sa *Paggawa ng desisyon sa tirahan kapag nagbago ang kalagayan ng inyong kalusugan*

Tama bang desisyon para sa aking pangangatawan ang manatili sa kasalukuyang tahanan ko?

Pagkatapos pumanaw ng inyong asawa, maaaring mangailangan ang inyong tahanan ng mas higit pang pisikal na atensyon. Kahit na malusog ang inyong pangangatawan sa ngayon, isaalang-alang ang kung paano magbabago ang kalagayan ng inyong pangangatawan at pangkalahatang kalusugan sa pagdaan ng panahon. Matutugunan ba ng kasalukuyang sitwasyon sa inyong tinitirhan ang inyong mga pisikal na pangangailangan para sa susunod na lima, sampu, 15, o 20 taon?

Mga itatanong sa inyong sarili:

Pag-isipan ang mga tanong sa ibaba nang mag-isa o kasama ang pinagkakatiwalaang miyembro ng pamilya, kaibigan, o medikal na provider.

	Oo	Hindi
Naging tagapag-alaga ko ba ang aking asawa?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Ang asawa ko ba ang nagpanatili sa bahay at bakuran?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Nahihirapan ba akong libutin ang bahay nang mag-isa, at magagawa ko ba ito sa hinaharap?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Nahirapan ba akong umakyat ng hagdan o pumasok at lumabas ng bathtub?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
May mga barandilya at makakapitan ba ang aking bahay?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
May mga pasilyo ba ako na mahirap para sa akin na puntahan?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Magiging mahirap ba para sa akin ang pangasiwaan ang mga pang-araw-araw na gawain sa bahay, tulad ng paglilinis, pagmementina, at gawain sa bakuran?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Nahihirapan ba akong mamili sa grocery o gawin ang mga dapat kong gawin?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
Nahihirapan ba akong pangasiwaan ang anumang mga kinakailangang gamot nang mag-isa?	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>

Kung sumagot kayo ng “oo” sa ilan sa mga tanong na ito, maaaring kailanganin ninyong isaalang-alang ang kung paano gagawing mas akma sa inyong mga pangangailangan ang inyong sitwasyon sa pamumuhay, at tukuyin ang mga suporta sa inyong komunidad na makakatulong sa inyong pangasiwaan ang mga hamon na ito.

Kung gusto ninyong manatili sa inyong tahanan:

- Pag-isipan ang kung anong mga pisikal na pagbabago sa inyong tahanan ang mas makapagpapadali sa inyong manatili, kabilang ang mga bagay na tulad ng mga barandilya sa hagdan, mga rug para hindi madulas, mga rampa sa pasukan, mga makakapitan, o transfer bench (mauupuan) sa walk-in shower o bathtub.
- Pag-aralan ang [AARP HomeFit Guide](#) (Gabay ng HomeFit ng AARP) para sa mga tip sa mga pagbabago sa bawat kuwarto na maaari ninyong isaalang-alang.
- Gamitin ang [Home Modification Information Network](#) (Network ng Impormasyon Tungkol sa Pagbabago ng Tahanan) para makahanap ng mga posibleng mapagkukunan ng pagpopondo para sa pagbabago sa tahanan sa inyong estado, o maghanap sa [Modification Funding Sources Inventory](#) (Imbentaryo ng mga Mapagkukunan ng Pagpopondo para sa Pagbabago sa Tahanan). Naghahandog din ang maraming ahensya ng estado ng suportang pananalapi sa mga mas nakakatanda upang gawing mas ligtas ang kanilang mga tahanan.
- Tanungin ang inyong doktor tungkol sa pagkonsulta sa isang occupational therapist na makakatulong sa inyong maunawaan kung anong mga pagbabago ang kailangan.
- Tuklasin ang gabay ng CFPB na may pamagat na *Paggawa ng desisyon sa tirahan kapag nagbago ang kalagayan ng inyong kalusugan*. upang matutunan pa ang tungkol sa inyong mga opsyon kung nahihirapan kayong tumira sa inyong tahanan nang walang suporta.


Tama bang desisyon para sa aking pananalapi ang manatili sa tahanan ko?

Para sa nakararami, ang pagkawala ng asawa ay nagreresulta sa pagkawala ng kita. Ang pananatili sa inyong tahanan ngayon ay maaaring magdulot ng kahirapang pinansyal, dahil posibleng manatiling pareho ang inyong mga kabayaran sa mortgage o upa. Bagaman ang ilang gastos tulad ng mga gastusin sa pagkain at medikal, ay maaaring bumaba pagkatapos ng pagkawala ng asawa, ang iba ay maaaring tumaas sa pagdaan ng panahon, tulad ng inyong upa o mga buwis sa ari-arian at homeowner's insurance (seguro ng may-ari ng tirahan). Kung gusto ninyong manatili sa inyong tahanan, kailangan ninyong mabayaran ang karamihan sa mga nagpapatuloy na gastusing ito. Pag-aralan ang [Help for Surviving Spouses](#). (Tulong para sa mga Naulilang Asawa) ng CFPB. Maglaan ng ilang panahon para makipag-usap sa pinagkakatiwalaang miyembro ng pamilya, propesyonal sa pananalapi, o [ahensya ng pagpapayo na inaprubahan ng HUD](#) before deciding which housing option best aligns with your current financial situation.

Mga itatanong sa inyong sarili:

- Na-claim ko na ba ang lahat ng benepisyong para sa mga naulila at benepisyaryo na nararapat para sa akin, tulad ng mga benepisyong life insurance, mga benepisyong Social Security ng naulila, at pensyong 401(k), at iba pang mga benepisyong plano ng pagreretiro?
- Siniyasat ko ba kung ang aking estado ay may real estate tax relief (tulong sa buwis sa ari-arian) para sa mga mas nakakatanda na nagbabayad para sa lahat o ilan sa mga buwis sa aking ari-arian?


- Magkano ang aking kinikita ngayong wala na ang aking asawa, at magkano ang aking mga gastusin?
- Kailangan ko bang patuloy na magtrabaho o bumalik sa trabaho para mabayaran ang lahat ng gastusin ko?
- Magkano ang mga gastusin ko sa pabahay sa kasalukuyan at mga tinantiyang gastusin sa hinaharap?
- Magkano ang aking mortgage o upa?
- Magkano ang babayaran ko sa mga buwis sa ari-arian at homeowner's insurance (seguro ng may-ari ng tirahan)?
- Anong mga pagpapaayos ang maaaring kailanganin ng aking tahanan sa hinaharap (halimbawa, bagong bubong, water heater, mga bintana)?

 Gumawa ng bagong badyet sa bahay upang masubaybayan ang pumapasok na pera (halimbawa, suweldo at mga sahod, mga pensyon, Social Security o iba pang mga benepisyo) at lumalabas na pera (halimbawa, mga bayad sa upa o mortgage, mga buwis sa ari-arian, insurance (seguro), mga utilidad, pagkain, paglilibang at pag-aaliw) upang matiyak kung mababayaran ninyo ang lahat ng inyong gastusin. Ang CFPB ay may **mga mapagkukunan upang matulungan kayong gumawa ng badyet**, kabilang ang mga tool upang matulungan kayong masubaybayan ang kita at mga gastusin.

Kung hindi ninyo kayang manatili sa inyong tahanan, isaalang-alang ang:

- Pakikipag-usap sa isang eksperto. Kung hindi ninyo alam kung kanino makikipag-usap o kung nangangailangan kayo ng pinansyal na tulong, bisitahin ang website ng CFPB upang [jwenn yon konseye nan zafè lojman](#) ak/oswa yon [konseye nan zafè kredi](#) pou pale de opsyon ki disponib yo.
- Pagtalakay sa inyong mga pangangailangan at kagustuhan sa pinagkakatiwalaang miyembro ng pamilya o kaibigan na makakatulong sa inyong pag-isipan ang inyong mga opsyon.
- Pakikipag-ugnayan sa inyong lungsod o county upang malaman kung kuwalipikado kayo para sa tulong sa mga utilidad o mga buwis sa ari-arian.
- Pag-downsize, na maaring mangahulugang pagbili o pag-upa ng mas maliit, mas abot-kayang tirahan.
- Paghahanap ng roommate na makikihati sa mga gastusin—may mga serbisyong nagtutugma ng mga roommate na naglilingkod sa mga nasa hustong gulang.

Kung nagmamay-ari kayo ng tirahan, maaari kayong manaliksik ng mga pamamaraan para ma-access ang inyong equity. Ang equity ay ang kasalukuyang halaga ng inyong ari-arian, na binawasan ng halaga ng kasalukuyang mortgage mo rito. Maaari ninyong ma-access ang inyong home equity sa pamamagitan ng refinancing, home equity loan, home equity line of credit, o reverse mortgage. Mahalagang tandaan na ang pagkuha sa equity ng inyong tahanan ay nangangahulugang pagkuha ng karagdagang utang na kailangang bayaran. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang gabay na *Paggamit ng inyong home equity upang matugunan ang inyong mga pinansyal na pangangailangan ng CFPB.*

 Bago gawin ang mga desisyong ito, siguraduhing tinatalakay ang inyong mga opsyon sa isang abogado, accountant, tagapayo sa pananalapi, ahensyang tagapayo sa pabahay na inaprubahan ng HUD.

Saan pupunta para sa tulong

Mga libreng legal na serbisyo para sa mga taong mahigit sa edad na 60

- **Sèvis legal gratis pou moun ki gen laj ki depase 60 an**

Maghanap ng mga lokal na programang nagbibigay ng legal na tulong sa mga taong mahigit sa edad na 60 sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa pambansang Eldercare Locator (Tagahanap ng Pangangalaga sa Nakatatanda) sa (800) 677-1116 o eldercare.acl.gov.

- **Mga libreng legal na serbisyo para sa mga taong may mababang kita**

Maghanap ng mga lokal na programang nagbibigay ng libreng legal na tulong sa mga taong may mababang kita sa pamamagitan ng Legal Services Corporation (Korporasyon ng mga Legal na Serbisyo) sa (202) 295-1500 o lsc.gov/find-legal-aid.

- **Mga abogadong binabayaran sa bawat serbisyo**

Nagbibigay ang American Bar Association (Samahan ng mga Amerikanong Abogado) ng

impormasyon tungkol sa kung paano makakahanap ng abogado sa bawat estado, mga makukuhang legal na mapagkukunan, kung paano matitingnan kung lisensyado ang abogado, at kung ano ang gagawin kung mayroon kang mga problema sa isang abogado, sa (800) 285-2221 o findlegalhelp.org.

Konsèy sou zafè lojman

Depatman Lojman ak Devlopman Iben Etazini an (U.S. Department of Housing and Urban Development, HUD) ofri yon lis ajans konsèy nan zafè lojman ki apwouve epi ki ofri konsèy sou achte oswa lwe kay, ranje defo nan peman prè pou achte kay, jwenn delè gras epi evite yo sezi kay la. Ajans konsèy nan zafè lojman HUD apwouve yo ofri konsèy endepandan, souvan bon mache oswa gratis pou ou, nan (800) 569-4287 oswa nan consumerfinance.gov/find-a-housing-counselor.

Pagpapayo sa kredito

Pifò konseye nan zafè kredi yo ofri

sèvis nan biwo an pèsonn, sou entènèt, oswa pa telefòn. Depatman Lajistis Etazini an (U.S. Department of Justice) pibliye yon lis konseye nan zafè kredi ki apwouve. Rele (202) 514-4100 oswa gade lis la nan justice.gov/ust/list-credit-counseling-agencies-approved-pursuant-11-usc-111.

Tulong sa accounting (pagtutuos)

Nagbibigay ang American Institute of CPAs (Amerikanong Instituto ng mga CPA) ng listahan ng mga lokal na certified public accountant (CPA o sertipikadong pampublikong tagapagtuos), sa (888) 777-7077 o aicpa.org/forthepublic/findacpa.html.

Mga benepisyò para sa mga mas nakakatanda

Naglathala ang National Council on Aging (Pambansang Konseho sa Pagtanda) ng mga libreng Benefits CheckUp tool (kasangkapan sa pagsiyasat ng mga benepisyò) na nagkokonekta sa mga mas nakakatanda sa mga benepisyong maaaring kuwalikado sila. Tawagan ang helpline sa (800) 794-6559 o


bisitahin ang benefitscheckup.org.

Mga pagbabago sa tahanan

- **Checklist para Maiwasan ang Matumba sa Tahanan Ginawa**
Ginawa ng Center for Disease Control (CDC, Sentro ng Pagkontrol ng Sakit) ang checklist na ito upang matulungan ang mga mas nakakatanda na hanapin at kumpunihin ang mga potensyal na panganib sa kanilang tahanan. Tumawag sa (800) 232-4636 o tingnan an [CDC Check for Safety Checklist](#) (Checklist ng CDC para Siyasatin ang Kaligtasan).
- **Ang Gabay ng HomeFit**
Nagbibigay ang AARP ng mahigit 100 tip at mungkahi upang matulungan ang mga taong mamuhay nang ligtas at kumportable anuman ang edad o yugto ng buhay ng isang tao. Tumawag sa (888) 687-2277 o tingnan ang [AARP HomeFit Guide](#) (Gabay ng HomeFit).

Ang Network ng Impormasyon Tungkol sa Pagbabago ng Tahanan

Yon envantè eta pa eta ki elabore avèk sipò Administration for Community Living (Administrasyon pou Vi an Kominote a) epi ki bay règleman yo pou modifiye kay yo, sous finansman yo, ak pwogram yo nan chak eta. Rele (213) 740-1364 oswa ale sou [Home Modification Information Network](#). (Network ng Impormasyon Tungkol sa P agbabago ng).

 Higit pang mga sanggunian ng CFPB consumerfinance.gov/olderamericans

Makipag-ugnayan sa amin



Online

consumerfinance.gov



Sa pamamagitan ng telepono

(855) 411-CFPB (2372)

(855) 729-CFPB (2372) TTY/TDD



Sa pamamagitan ng liham

Consumer Financial Protection

Bureau

P.O. Box 27170

Washington, DC 20038



Magsumite ng reklamo

consumerfinance.gov/complaint